| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | IV |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | OCTOBER 10-14, 2022 (WEEK 8) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. LAYUNIN** | | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang naipamamalas na ng mga mag-aaral ang kakayahan sa pagbasa, pagsulat at pakikipagtalastasan nang wasto upang maipahayag ang kaalaman, ideya at damdaming angkop sa kaniyang edad at sa kulturang kinabibilangan at nakikilahok sa pagpapaunlad ng pamayanan<br>. | | | | |
| **B. Pamantayan sa pagganap** | Natatalakay ang paksa o isyung napakinggan.<br>Nagagamit ang diksyonaryo at nakagagawa ng balangkas sa pagkalap at pang-unawa ng mga impormasyon. | Naisasalaysay muli ang nabasang kwento nang may tamang pagkasunod-sunod at nakagagawa ng poster tungkol sa binasang teksto. | Nakasusulat ng talatang pasalaysay. | Nakapagsasalaysay tungkol sa pinanood.<br>Nakasali sa mga talakayan pagkukuwento, patula, pagsulat ng sariling tula at kuwento | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto Isulat ang code ng bawat kasanayan** | Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip. | | | | |
| **II. Nilalaman** | **Uri ng Panghalip**<br><br>Nagagamit ang iba't ibang uri ng panghalip: panao, pananong – isahan at maramihan, panaklaw – tiyak – isahan/kalahatan – di-tiyak, at pamatlig sa usapan; at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan. | | | | |
| **III. KAGAMITANG PANTURO** | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga Pahina sa Gabay ng Guro** | Filipino 4, Module | Filipino 4, Module 8 | Filipino 4, Module 8 | Filipino 4, Module 8 | Filipino 4, Module 8 |
| **2. Mga Pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga Pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | | | | | |
| **IV. PAMAMARAAN** | | | | | |
| | **SUBUKIN**<br><br>Ano na ang alam mo tungkol sa uri ng panghalip? Subukin | **Suriin**<br><br>Balikan natin ang usapan nina Anna, Joshua, Patrick at Janice. | **Isaisip**<br><br>Isiping mabuti… | **Tayahin** | Lingguhang Pagsusulit |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | muna natin kung hanggang saan na ang alam mo.<br>A. Panuto: Basahin ang sumusunod na sitwasyon at piliin ang pinakaangkop na sagot. Isulat ang sagot sa papel.<br>1. Si Jemerson at ako ay magbibigay ng donasyon sa mga apektado ng Bulkang Taal. _________ ay bibili ng pagkain at magbibigay ng mga lumang damit.<br>a. Kami b. Tayo c. Ikaw d. Sila<br>2. Pupunta sina Kim, Kieth, Myla at Roda sa Mall. _________ ay manonood ng sine.<br>a. Kami b. Ikaw c. Ako d. Sila<br>3. _________ ang gustong sumama sa pamimili ng mga gamit at pagkaing ihahatid sa Batangas?<br>a. Ano-ano b. Saan c. Sino-sino d. Kailan<br>4. __________ ang puwedeng sumama sa paghatid sa Batangas ng mga donasyon?<br>a. Ano b. Sino c. Kailan d. Magkano<br>5. ____________ ang paborito mong bulaklak? Sampaguita o gumamela?<br>a. Magkano b. Alin<br>c. Sino d. Ano<br>6. ____________ dako sa mundo ay nararanasan ang pandemyang COVID-19.<br>a. Sinuman b. Anoman<br>c. Saanmang d. Isa<br>7. _____________ ay pinag-iingat sa banta ng paparating na bagyo. | 1. Ano-ano ang mga salitang initiman mula sa kanilang diyalogo? Ano ang tawag sa mga ito? Kailan ito ginagamit?<br><br>*Ang mga salitang ginamit sa usapan na initiman (**ano-ano, natin, tayo, kami, lahat, sino, dito, ako, doon, ikaw, ito, diyan, sina, tayo at bawat isa**) ay mga halimbawa ng **panghalip**.*<br>2. Ano ang tawag sa mga ito?<br>Ang tawag sa mga salitang initiman ay Panghalip. May iba't ibang uri ng panghalip. Ito ay ang Panghalip na Panao, Panghalip na Pananong, Panghalip na Panaklaw at Panghalip na Pamatlig.<br>3. Kailan ginagamit ang panghalip?<br>Ito ay hinahalili sa ngalan ng tao, bagay, hayop, lugar, o pangyayari.<br><br>1. **<u>Diyan</u> mo itapon ang mga hindi nabubulok na basura.**<br><br>Ang panghalip na ginamit sa pangungusap ay Diyan. Ito ay panghalip pamatlig.<br>Anong panauhan ang panghalip na pamatlig na ginamit sa pangungusap? **Unang panauhan**<br><br>2. **Ako** ay naglilinis ng bakuran tuwing araw ng Sabado<br>Panghalip na panao ang ginamit sa pangungusap. Ako.<br>Anong panauhan ang panghalip na ako? Unang panauhan<br>3. **Saan** nakabibili ng sariwang prutas? | Panuto: Isulat sa patlang ang angkop na salita para mabuo ang mga pangungusap.<br>1. Ang ________________ ay mga salitang ginagamit na panghalili sa mga pangngalan ng tao, hayop, bagay o pook.<br>2. Ang __________ ay inihahalili sa pangalan ng tao.<br>3. Ang ________________ay uri ng panghalip na ginagamit sa pagtatanong .<br>4. Ang Panghalip na ay nagsasaad ng kaisahan, dami o kalahatan ng ngalang tinutukoy. Mahalagang matutuhan ang wastong gamit nito upang<br>5. Panghalip _______________ ang mga panghalip na ginagamit sa pagtuturo ng hayop, bagay, lugar, o pangyayari. | Hanggang saan na ba ang iyong kahusayan sa paggamit ng iba't ibang uri ng panghalip?<br><br>**Panuto:** Gumawa ng maikling diyalogo o usapan tungkol sa isa mong karanasan sa pagbabakasyon. Gumamit ng wastong panghalip na hindi bababa sa lima at guhitan ito. Iguhit ang speech balloon ng usapan sa inyong sagutang-papel.<br> | |

a. Bawat isa b. Anoman
c. Saanmang d. Isa

8. ______________ kalayo ang iyong bahay ay pupunta ako para dalawin ka.
a. Gaano man b. Anuman
c. Saanmang d. Ilanman

9. “Mga bata, __________ ang wastong paglilinis ng silid-aralan,” sabi ng guro.
a. ganito b. iyan
c. ito d. iyon

10. ____________ sa malayong lugar ang pinagmulang probinsiya ng aking tatay.
a. Narito b. Naroon
c. Nariyan d. Dito

Panghalip na pananong ang ginamit sa pangungusap. Saan. Ang sagot sa tanong na saan ay isang lugar.

4. Ang **madla** ay pumalakpak matapos siyang umawit.

**Madla** ang ginamit na panghalip sa pangungusap. Ito ay panghalip na panaklaw.

**MGA PANGHALIP NA PANAO**

| | Panauhan | | |
|---|---|---|---|
| **Kailanan (Anyo)** | Una | Ikalawa | Ikatlo |
| Isahan | Ako, ko, akin | Ikaw, ka, mo, iyo | Siya, niya, kanya |
| Dalawahan | Kata, Kita | | |
| Maramihan | Tayo, kami Amin, atin natin | kayo, inyo, ninyo | Sila, nila, kanila |

Ang Panghalip na Panao ay may **isahan, dalawahan at maramihang anyo.**

Ano-anong mga panghalip na panao ang tumutukoy sa *iisang tao?*

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **ako** | **ikaw** | **ka** | **siya** | **ko** |
| **mo** | **niya** | **akin** | **iyo** | **kanya** |

Ano-anong mga panghalip ang kumakatawan sa *dalawang tao?*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tayo** | **natin** | **kayo** | **ninyo** |
| **Inyo** | **sila** | **nila** | **kanila** |

Alin-alin sa mga panghalip ang ginamit sa pagtukoy *sa tatlo o higit pa?*

**kami** **naming** **amin** **kayo**,
**ninyo** **inyo**, **sila** **nila** **kanila**

**PANGHALIP NA PANANONG**

Ang panghalip na ginagamit sa pagtatanong o pag-uusisa ay tinatawag na **panghalip na pananong**. Ang mga ito'y kumakatawan o pumapalit sa pangngalang itinatanong. Kapag hindi pangngalan o panghalip ang inaasahang sagot, sa tanong-ang salitang ginamit sa pagtatanong ay hindi panghalip pananong.

Narito ang mga panghalip na pananong at ang pangngalang pinapalitan ng bawat isa.

Saan - lugar
Sino - tao
Kanino/nino - tao
Ano - bagay
Alin - bagay na may pagpipilian

Ang **panghalip na pananong** ay may kailanang *isahan* at *maramihan*. Nabubuo ang maramihan ng isang panghalip na pananong sa pamamagitan ng pag-uulit ng salita o ng unang dalawang pantig.

| **Isahan** | **Maramihan** |
|---|---|
| Ano | Ano-ano |
| Sino | Sino-sino |
| Ilan | Ilan-ilan |
| Alin | Alin-alin |
| Kanino | Kani-kanino |

**PANGHALIP PANAKLAW**

Ang **Panghalip panaklaw** ay nagsasaad ng *kaisahan, dami* o *kalahatan* ng ngalang tinutukoy.

| Halimbawa: | | | |
|---|---|---|---|
| gaano man | iba | lahat | saanman |
| alinman | tanan | magkano man | pawa |
| kuwan | isa | balana | anuman |
| kailanman | paano man | | |

Ang **panghalip panaklaw** ay tumutukoy sa mga pangngalang walang katiyakan o hindi tiyak.

Ang **panghalip panaklaw** ay isang uri ng panghalip na may sinasaklaw na kaisahan sa bilang, dami o kalahatan.

Ito ay maaaring *tiyak o di-tiyak*



1. Nagsasaad ng kaisahan
   *isa* *balang*
   *bawat* *bawat isa*

2. Nagsasaad ng dami o kalahatan.
   *panay* *ilan* *madla*
   *kaunti* *marami* *pulos*
   *pawa/pawang* *tanan* *iba*

Ang mga di-tiyak ay ang mga panghalip na pananong na kinakabitan ng man na nangangahulugan ng di-tiyak na pinag-uusapan gaya ng:

sino man o sinuman ano o anuman
saanman nino man o ninuman
kailanman magkano man
kanino man o kaninuman

**PANGHALIP PAMATLIG**


Ang mga panghalip na ginagamit sa pagtuturo ng hayop, bagay, lugar, o pangyayari ay ang **panghalip pamatlig.**

Panauhan ng Panghalip

| Unang Panauhan | Ikalawang Panauhan | Ikatlong Panauhan |
|---|---|---|
| Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malapit o hawak ng taong nagsasalita. | Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malapit o hawak ng taong kinakausap. | Ang pangngalang itinuturo o tinutukoy ay malayo sa nagsasalita o sa nag-uusap. |
| Ito, ire, nito, nire, ganito, ganire, dito, rito, dine, heto | Iyan, niyan, ganyan, diyan, hayan | Iyon, niyon, ganoon, gayon, doon, hayun |

**BALIKAN**

Panuto: Basahin mo ang Text Message na ipinadala ni Patrick sa kaniyang kaibigang si Jose at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




**Pagyamanin**

Ipagpatuly ang pagsasanay.

**A. Panuto**: Gamitin ang wastong panghalip sa patlang. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

1. Maliligo _____ sa Masuso Resort. (kasama ang sarili)
2. _____ (sarili) ay magluluto ng babaunin _____ (maramihan, kasama ang sarili) na pagkain.
3. Magdadala _____ ng melon at mangga. (isahan)

**Isagawa**

**A. Panuto:** Gamitin ang angkop na uri ng panghalip na panao para sa susunod na usapan. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

**Karagdagang Gawain**

Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa paggamit ng panghalip panaklaw.

Panuto: Gamitin sa makabuluhang pangungusap ang sumusunod na panghalip na panaklaw. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


Sagutin:
1. Sino ang pinadalhan ng text message?
2. Ano ang gagawin nila bukas?
3. Kaninong ideya ang maglinis sa silid-aklatan bukas?
4. Sino-sino kaya ang nais pa nilang makasama sa paglilinis ng silid-aklatan?
5. Ano-anong panghalip ang ginamit?

Binabati kita kaibigan! Batid kong alam mo na ang tungkol sa iba't ibang uri ng panghalip. Magpatuloy ka na sa mga susunod na gawain.

**Tuklasin**

Basahin mo ang usapan sa ibaba. Pansinin mo ang mga salitang initiman.

Sitwasyon: Naatasan ang grupo nila Anna na ayusin ang kanilang silid-aralan para sa pagdating ng kanilang bagong guro.




4. _____ ba ay sasama sa amin? (isahan)
5. Alam kong _____ ay malilibang sa ating piknik. (maramihan, kasama ang sarili)

**B. Panuto:** Punan ng angkop na panghalip pananong ang patlang upang mabuo ang pangungusap at tukuyin kung ito ay isahan o maramihan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.
1. ______ ang mga nagtatanim ng gulay at prutas?
2. ______ na ang nakapunta sa Bulkang Mayon?
3. ______ ang ipinagdiriwang tuwing buwan ng Agosto?
4. _______ dapat isisi ang pagkasira ng kalikasan?
5. _______ ang mga magagawa natin na makabubuti sa kalikasan?

**C. Panuto:** Piliin ang angkop na panghalip panaklaw sa loob ng panaklong upang mabuo ang mga pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.
1. Ang _______(isa, madla, sinuman) ay pumalakpak matapos siyang umawit.
2. (Sinuman, Anuman, Saanman) ay maaaring lumahok sa patimpalak sa balagtasan.
3. (Sinuman, Saanman, Kailanman) pumunta, ang mga Pilipino ay nagpapamalas ng galing.
4. (Ilan, Madla, Lahat) sa mga iyan ang dati nang kasama noong isang taon.
5. (Kailanman, Gaanuman, Sinuman) kalayo ang iyong bahay ay mararating din natin.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| siya | inyo | kami | sila | amin | mo | niya | ako |

Ella: Sa 1. ______ ba ang bagong sasakyang nakaparada sa harap ng bahay ninyo?
Jerome: Oo, sa 2. ______ iyon. Bagong bili ng kuya ko.
Nash: Wow! Ang bait naman ng kuya 3. _____.
Jerome: Ireregalo daw 4. ______ sa kaarawan ng Tatay namin.
Ella Sana paglaki ko makabili rin 5. _____ ng kotse para sa magulang ko.
Nash Ako rin gusto ko. Kaya pagbutihin natin ang ating pag-aaral.

**B. Panuto:** Ipagpalagay nating isa ka sa mga dumalo sa kaarawan ng iyong kamag-aral. Pagmasdan ang larawan at bumuo ng mga katanungan gamit ang panghalip pananong upang maibahagi mo ang iyong karanasan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. Ano ________________________________________?
2. Sino-sino ____________________________________?
3. Kailan ______________________________________?
4. Ilan ________________________________________?
5. Magkano ____________________________________?

**C. Panuto:** Gamitin ng angkop na panghalip panaklaw sa patlang upang mabuo ang usapan sa ibaba. Piliin ang sagot sa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Ang Pagpupulong**

Lahat ng mga tao ay nagtipon sa Barangay Hall. Ang kinatawan ng Department of Health ay magbibigay ng pangkalusugang impormasyon sa mga tao. Naunang dumating ang mag-asawang Mang Kulas at Aling Myrna.

**Aling Myrna**: Sino-sino ang mga pupunta sa pulong na ito?
**Mang Kulas**: 1.__________(Sinuman, Saanman, Bawat isa) ay puwedeng makinig dahil ang impormasyon ay para sa lahat.
**Aling Myrna:** Ilan pa lang ang taong nakikita ko. Hindi 2._______(lahat, isa, pulos) nakaalam sa pagpupulong na ito.
**Mang Kulas:** Ayon sa kapitan ng barangay, 3.________ (saanmang, alinmang, anumang) kanto ng barangay ay may nakapaskil na patalastas kaya lahat makababasa nito.
**Aling Myrna:** Dapat buong 4.________(madla, pulos, lahat) ay dumalo para maiwasan ang pagkakasakit.
**Mang Caloy:** O Kulas at Myrna, magsisimula na ang programa. Sabi ni kapitan 5. ________ (sinumang, saanmang, anumang) tanong ay puwedeng sagutin ng kinatawan ng DOH kaya makinig tayo sa mga magsasalita.
**Mang Kulas:** Marami akong natutuhan sa mga nagsalita. Lahat ay magiging malusog at ligtas kung susundin ang mga pangkalusugang impormasyon na isiniwalat nila.

| Panghalip | Pangungusap |
|---|---|
| 1. Ako | |
| 2. Kailan | |
| 3. Dito | |
| 4. Saanman | |
| 5. Lahat | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **V. MGA TALA** | | | | | |
| **VI. PAGNINILAY** | | | | | |
| **A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya.** | | | | | |
| **B. Bilang ng mga-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **C. Nakatulong ba ang remediation? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation** | | | | | |
| **E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?** | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search | **Stratehiyang dapat gamitin:**<br>__Koaborasyon<br>__Pangkatang Gawain<br>__ANA / KWL<br>__Fishbone Planner<br>__Sanhi at Bunga<br>__Paint Me A Picture<br>__Event Map<br>__Decision Chart<br>__Data Retrieval Chart<br>__I -Search |
| **F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?** | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan | **Mga Suliraning aking naranasan:**<br>__Kakulangan sa makabagong kagamitang panturo.<br>__Di-magandang pag-uugali ng mga bata.<br>__Mapanupil/mapang-aping mga bata<br>__Kahandaan ng mga bata lalo na sa pagbabasa.<br>__Kakulangan ng guro sa kaalaman ng makabagong teknolohiya<br>__Kamalayang makadayuhan |
| **G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book | __Pagpapanuod ng video presentation<br>__Paggamit ng Big Book |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | __Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material | __Community Language Learning<br>__Ang "Suggestopedia"<br>__ Ang pagkatutong Task Based<br>__Instraksyunal na material |